## Ano ang Mangyayari Kapag Humiling Ka ng Pagdinig Kaugnay ng Pampublikong Tulong?

Ang isang panig ay puwedeng humiling ng pagdinig kapag sinubukan ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services, DSHS) na magbago, magwakas, o tumangging magbigay ng mga benepisyo. Ang pagdinig ay pinapangasiwaan ng independiyente at walang pinapanigang hukom sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH).

Magpapadala sa iyo ang OAH ng Abiso sa Pagdinig na naglalaman ng petsa, oras, at lokasyon ng iyong pagdinig. Karaniwang umaabot nang mga 30 minuto ang mga pagdinig.
(Magplano para sa posibilidad na umabot nang 60 minuto.)

**Sabihin kaagad sa OAH kung magbabago ang iyong address o numero ng telepono.**

## Paano Maghanda para sa Iyong Pagdinig

Magagawa mong katawanin ang iyong sarili sa pagdinig o pumili ng abogado o sinumang iba pang tao na kakatawan sa iyo. (Hindi ka puwedeng pumili ng empleyado ng DSHS). Responsibilidad mo ang anumang bayaring isisingil ng iyong abogado.

Ang DSHS ay puwedeng katawanin ng coordinator sa administratibong pagdinig. Ang coordinator ay magpapadala sa iyo ng packet ng pagdinig na naglalaman ng mga dokumentong ibinigay mo at ng DSHS. Basahin nang mabuti ang packet ng pagdinig at dalhin ito sa pagdinig.

**Pagsusumite ng Mga Dokumento (Mga Exhibit):** Kung mayroon kang mga dokumentong gustong ipakita sa hukom, ipadala kaagad ang mga ito sa OAH at DSHS.

Mga halimbawa ng dokumento na gusto mong maipakita sa hukom:

- Ang abiso mula sa DSHS na nagresulta sa paghiling mo ng pagdinig.
- Mga dokumentong nagpapakita na tama ang iyong mga claim.
- Katibayan ng anumang espesyal o pinansyal na sitwasyon na gusto mong maisaalang-alang.
- Mga dokumento na sinabi sa iyo ng DSHS na kailangan mong maipakita sa hukom. Hindi tumatanggap ang OAH ng mga dokumentong may laki na 2.0 giga bites (GB) o higit pa. Tatanggihan ng OAH ang anumang dokumento na 2.0 GB o higit pa.
- Tumatanggap ang OAH ng mga video na exhibit sa mga sumusunod na format: .mp4, .avi, .mpg, .mpeg. Tatanggihan ng OAH ang mga video na exhibit na isusumite sa anumang iba pang format.
- Tumatanggap ang OAH ng mga audio na exhibit sa sumusunod na format: .mp3. Tatanggihan ng OAH ang mga audio na exhibit na isusumite sa anumang iba pang format.

**Ang iyong pagdinig ay puwedeng:**

- **Sa telepono o**
- **Sa personal**

**Ipinapaliwanag sa Abiso sa Pagdinig kung paano lalahok.**

Kung kailangan mo ng interpreter, maglalaan nito ang OAH para sa iyo nang libre.  Kung mayroon kang kapansanan, puwede kang humiling ng tulong para masuportahan ka sa paglahok sa pagdinig.  Puwede kang humiling ng interpreter o tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng OAH kapag nakatanggap ka ng Abiso sa Pagdinig.

Kung kailangan mong humiling ng pagpapapalit sa oras o petsa ng iyong pagdinig, makipag-ugnayan sa coordinator sa administratibong pagdinig at OAH sa lalong madaling panahon.  Ang hukom lang ang puwedeng magpahintulot ng pagpapalit sa iyong nakaiskedyul na oras ng pagdinig.  Bago gumawa ng pasya, gugustuhin ng hukom na malaman kung sumasang-ayon o hindi ang DSHS sa iyong kahilingan.

- Tatanggihan ng hukom ang iyong kahilingan kung wala kang katanggap-tanggap na dahilan.
- Kung babaguhin ng hukom ang oras ng pagdinig, itabi ang packet ng pagdinig para magamit sa pagdinig na may bagong iskedyul.
- Kung nakakatanggap ka ng tuluy-tuloy na mga benepisyo hanggang sa makagawa ng pasya sa pagdinig, at humiling kang ipagpaliban ang petsa ng pagdinig, ang kinatawan ng DSHS ay puwedeng humiling sa hukom ng pagdinig para matalakay kung magpapatuloy ang iyong mga benepisyo.

Mayroon kang karapatan sa pagdinig na isasagawa sa personal kasama ang hukom.  Kung gusto mong baguhin kung paano isasagawa ang iyong pagdinig, dapat kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng OAH na nakalista sa Abiso sa Pagdinig.

Kung interesado kang magsagawa ng legal na pananaliksik, may mga link na available sa www.oah.wa.gov at www.washingtonlawhelp.org.

**Manood ng video ng sample na pagdinig ng OAH sa**
**www.oah.wa.gov**
(Available sa English at Spanish)

Narito ang mga opsyon para sa mas murang legal na tulong:

| Pangalan ng Resource | Numero ng Telepono | Website |
|---|---|---|
| CLEAR: Sa County ng King | I-dial ang 211 | www.wa211.org/region/king-county/ |
| CLEAR: Sa labas ng County ng King | 888-201-1014 | |
| Veteran's Project | 855-6578387 | http://nwjustice.org/veterans |
| WA State Bar Association | | https://www.wsba.org/for-the-public/find-legal-help |

**Puwede kang makipag-ugnayan sa coordinator sa administratibong pagdinig ng DSHS kung gusto mong subukang ayusin ang iyong kaso bago ang pagdinig, o kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga panuntunan.  Hindi puwedeng magbigay sa iyo ng legal na payo ang coordinator.**

## Paano Lumahok sa Iyong Pagdinig

**Pagdinig sa telepono:** Sundin ang mga tagubilin sa Abiso sa Pagdinig.  Kung hindi ka haharap at lalahok, posibleng mawala ang iyong karapatan sa pagdinig.

- Sa abiso, posibleng may tagubilin para sa iyo na ibigay ang numero ng telepono kung saan ka puwedeng makaugnayan.  Posibleng magbigay sa iyo sa Abiso ng mga call-in code na partikular sa iyong kaso.
- Malakas dapat ang signal ng telepono mo.
- Pakitandaan na dapat ay nakakatanggap ka ng mga tawag mula sa isang naka-block na caller ID.

**Pagdinig sa personal:** Pumunta sa lokasyon ng pagdinig nang maaga nang kahit 10 minuto man lang. Ipakita sa receptionist ang iyong Abiso. Kung hindi ka haharap at lalahok, posibleng mawala ang iyong karapatan sa pagdinig.

- Dalhin mo sa pagdinig ang iyong dokumento.

Kung pinaplano mong gumamit ng saksi, siya ay tetestigo sa iyong nakaiskedyul na oras ng pagdinig. Sabihin sa iyong saksi ang oras at petsa ng pagdinig at kung paano lalahok.

- Susundin ng saksi ang parehong mga tagubilin sa Abiso (pagbibigay ng numero ng telepono kung saan siya puwedeng makaugnayan, paggamit ng call-in code, o pagpunta sa lokasyon ng pagdinig).
- Kung lalahok siya sa pamamagitan ng telepono, sabihin sa saksi na dapat ay malakas ang signal ng kanyang telepono at dapat ay nakakatanggap ng mga tawag mula sa isang naka-block na caller ID ang kanyang telepono. Kunin ang numero kung saan puwedeng makaugnayan ang iyong saksi.

Ire-record ng hukom ang pagdinig. Sisimulan ng hukom na tukuyin ang mga isyu kasama ang mga panig at ilalarawan niya ang mangyayari sa pagdinig. Susuriin ng hukom ang packet ng pagdinig (at iba pang dokumentong natanggap) at magpapasya siya kung ano ang papayagang gamitin na katibayan.

Ang coordinator sa administratibong pagdinig ay ang karaniwang unang nagpepresenta ng kaso ng DSHS. Puwedeng tawagin ng bawat panig ang kanilang mga sariling saksi at kinukuwestiyon nila ang mga saksi na tinawag ng iba pang panig. Tumetestigo ang mga saksi sa ilalim ng panunumpa o pagpapatunay. Puwede ring magtanong ang hukom.

Pagkatapos ng pagdinig, ang hukom ay gagawa ng pasya na ipapadala sa iyo humigit-kumulang 16 na araw pagkatapos ng pagsasara ng pag-record ng pagdinig.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya, nasa dulo ng kautusan ng hukom ang mga tagubilin para maiapela ang pasya.